DLSHSI
DE LA SALLE HEALTH SCIENCES INSTITUTE
Nurturing Life

College of Humanities and Sciences
Lourdes E. Campos, MD Building
City of Dasmariñas, Cavite, Philippines
Trunk Lines: (63) (46) 481-8000 (63) (2) 988-3100
DLSHSI URL: www.dlshsi.edu.ph
CHS URL: https://sites.google.com/site/dlshsichs/

Local: 5007 (Dean's Secretary) | 1412 (Dean)
1345 (Dept. of Integrated Humanities and Sciences)
1408 (Dept. of Chemistry)
1115 (Chemistry Lab) | 1405 (Biology & Physics Lab)

# SILABUS NG KURSO

| | | |
|---|---|---|
| **KAGAWARAN** | **:** | **Pinagsanib na mga Sining Pantao at Agham** |
| **KOWD NG KURSO/ PAMAGAT** | **:** | **GE-FILI 101/Komunikasyon sa Akademikong Filipino** |
| **BILANG NG YUNIT** | **:** | **3** |
| **PREREKWISIT** | **:** | **Wala** |
| **ARAW AT ORAS NG KLASE** | **:** | __________________________________ |
| **LUGAR** | **:** | __________________________________ |
| **INSTRUKTOR/ PROPESOR** | : | __________________________________ |
| **ORAS NG KONSULTASYON** | **:** | __________________________________ |

## DESKRIPYON NG KURSO:

Ang kursong ito ay isang metalinggwistik na pag-aaral ng Wikang Filipino sa akademikong larangan. Sa lapit ng multidisiplinaryo at paraang interaktibo,inaasahang matutukoy at matatalakay ang mga pangunahing kaalaman sa wikang ito. Malilinang dito ang mga kasanayan sa paggamit ng Wikang Filipino tungo sa lalong mataas na komunikasyon at sa kritikal na pagdidiskurso.

## KAALAMANG MATATAMO :

KM 1 : Mataas na antas ng pag-unawa ( tekstwal , biswal atbp.)
KM 2 : Mahusay at mabisang komunikasyon ( pasulat , pasalita , at paggamit ng teknolohiya )
KM 3 : Kamalayan sa batayang konsepto sa iba't ibang domeyn ng karunungan
KM 4 : Kritikal , mapanuri at malikhaing pag-iisip
KM 5 : Pagpapahalaga sa kalagayan ng kapwa
KM 6 : Tiyak sa kanyang pananaw at pagka-Pilipino
KM 7 : Kamalayan at paggalang sa karapatang pantao
KM 8 : Personal at makabuluhang nakikibahagi sa pag-unlad ng bansa
KM 9 : Epektibong pakikilahok sa pangkat
KM 10 : Paglutas sa suliranin ( kinasasangkutan ng reyalistikong suliranin)

KM 11 :  Batayang kasanayan at kaalaman  sa pagtatrabaho

**BALANGKAS NG PAGKATUTO :**

| Paksa | Inaasahang Layunin ng Pagkatuto | Istratehiya ng Pagtuturo/Pagkatuto | Pamamaraan ng Pagtataya |
|---|---|---|---|
| Oryentasyon | Nauunawaan ang kabuuang nilalaman ng silabus, paksang tatalakayin at ang mga patakaran at tuntunin sa loob ng klasrum. | Interaktibong Talakayan sa mga Inaasahan ng Guro at Mag-aaral | Paglalahad ng mga Inaasahan ng mga Mag-aaral sa Kurso |
| 1.Batayang Kaalamang Pangwika<br>a. Konsepto ng Wika<br>a.1 Kahulugan at Kahalagahan<br>a.2 Katangian<br>a.3 Mga Teorya sa Pagkatuto<br>a.4 Tungkulin<br>a.5 Antas ng Wika<br><br>b.Baryasyon at Rehistro ng Wika<br>b.1 Kahulugan at Kahalagahan<br>b.2 Mga Halimbawa | Nailalahad ang kahalagahan ng wika bilang mahalagang kaloob ng Maykapal sa pagpapabuti ng kalagayang pansarili at paghubog ng mabuting ugnayan sa  kapwa at sa lipunan.<br><br>Nasusuri ang iba't ibang sitwasyong kinasasangkutan ng tungkulin at antas ng wika.<br><br>Naibabahagi ang mga kaalamang natamo  ukol sa mga salitang ginagamit sa isang disiplina o larangan. | Pangkatang Gawain– Pagbabahagi ng Opinyon/Kaalaman tungkol sa Paksa<br><br>*Powerpoint Presentation*<br><br>Talakayang Pangklase<br><br>Kolaboratibong Pagsusuri sa Iba't Ibang Sitwasyon at Pagbibigay ng mga Tiyak na Halimbawa<br><br>Pangkatang Pananaliksik ng mga Rehistro ng Wika ukol sa Isang Tiyak na Disiplina | Pag-uulat<br><br>Pagsusulit<br><br>Paglalahad ng mga Tiyak na Halimbawa sa Bawat Antas ng Wika |
| 2.Pag-unlad ng Wikang Pambansa<br>a. Kasaysayan ng Wikang Filipino | Naisasalaysay ang mahahalagang pangyayaring naganap sa pag-unlad ng Wikang Pambansa at Alpabetong Filipino. | *Brainstorming*<br><br>Malayang Talakayan | Pangkatang Pagsusulit<br><br>Presentasyon ng Awtput |

| | | | |
|---|---|---|---|
| b. Kasaysayan ng Alpabeto | Nailalahad ang mga patakaran at kautusang naisabatas kaugnay ng pag-unlad ng wika at alpabeto.<br><br>Nagbibigay ng sariling opinyon/reaksyon ukol sa antas ng pagpapahalaga na ipinamalas ng mga pinunong bayan. | Pananaliksik/Pagsusuri – Pagbuo ng *Newsletter*<br><br>Pagbuo ng *Time Table*<br><br>*Powerpoint Presentation* Kaugnay sa Mahahalagang Pangyayari sa Kasaysayan ng Wika | Pakikilahok sa Talakayan |
| 3. Filipino bilang Pang-Akademikong Wika<br>a. Kalagayan ng Filipino sa Kasalukuyang Panahon | Naibabahagi ang mga kaalaman at opinyon ukol sa mga babasahing may kinalaman sa isyung pangwika.<br><br>Naisasalaysay ang kasalukuyang kalagayan ng Wikang Filipino sa malikhain at impormatibong paraan. | Pananaliksik sa Paksa<br><br>Kolaboratibong Pagsusuri | Malikhaing presentasyon ( *news casting, documentary report* atbp.)<br><br>* May tiyak na rubrik na gagamitin sa pagtataya ng bawat awtput |
| **UNANG KOMPREHENSIBONG PAGTATAYA**<br>**Paghahanda ng Glosaryo at/o *Audio Visual Presentation* ng Antas/Rehistro ng Wika** | | | |

| Paksa | Inaasahang Layunin ng Pagkatuto | Istratehiya ng Pagtuturo/Pagkatuto | Pamamaraan ng Pagtataya |
|---|---|---|---|
| 1. Komunikasyon<br>a.Kahulugan at Pananaw<br>b.Mga Elemento at Proseso | Naipapaliwanag ang proseso at modelo ng komunikasyon. | Talakayang Pangklase<br><br>*Powerpoint Presentation* | Pagsusulit<br><br>Awtput ng Pagsusuring Ginawa |

| | | | |
|---|---|---|---|
| c. Uri at Anyo<br>d. Modelo<br>e. Konsiderasyon sa Mabisang Komunikasyon | Nagagamit nang may kahusayan ang mga konsepto at pananaw ng komunikasyon sa isang mabisang pakikipagtalastasan. | Panonood at Pagsusuri ng Iba't Ibang Sitwasyon<br><br>Kolaboratibong Gawain – Panonood at Pagsusuri ng Isang Dokumentaryo | Pakikilahok sa Talakayan |
| 2. Makrong Kasanayan<br>a. Pakikinig<br>a.1 Kahulugan at Kahalagahan<br>a.2 Proseso at mga Uri<br>a.3 Mga Hadlang at Tip sa Mabisang Pakikinig | Nailalahad ang mahahalagang impormasyon batay sa tekstong napakinggan. | Talakayang Pangklase<br><br>*Powerpoint Presentation*<br><br>Indibidwal/Kolaboratibong Gawain - Pagsusuri ng mga Tiyak na Halimbawa sa Bawat Makrong Kasanayan | Presentasyon ng Awtput – Pagsusuri<br><br>Pagsusulit |
| b. Pagbasa<br>b.1 Kahulugan at mga Layunin<br>b.2 Paraan at mga Teknik | Nagagamit ang kritikal na pag-iisip sa pagsusuri at pagtataya sa nilalaman at halaga ng mga babasahin. | Lektyur<br><br>Pangkatang Pagsusuri ng Iba't Ibang Babasahin | Presentasyon ng Awtput<br><br>* May tiyak na rubrik na gagamitin sa pagtataya ng bawat awtput |
| **IKALAWANG KOMPREHENSIBONG PAGTATAYA**<br>**Indibidwal/Pangkatang Pakikipanayam** | | | |

| Paksa | Inaasahang Layunin ng Pagkatuto | Istratehiya ng Pagtuturo/Pagkatuto | Pamamaraan ng Pagtataya |
|---|---|---|---|
| d. Pagsulat<br>d.1 Kahulugan at Layunin<br>d.2 Pagsulat Bilang Isang Proseso<br>d.3 Estratehiya sa Pagsulat | Nagpapamalas ng kasanayan at kahusayan sa pasulat na pagpapahayag.<br><br>Nakabubuo ng isang talumpating may kaugnayan sa isyung panlipunan/pangkalusugan batay sa mga makabagong prinsipyo at pananaw hinggil sa mabisang pagsulat. | Lektyur<br><br>Indibidwal na Gawain - Pagsulat ng Iba't Ibang Sulatin<br><br>Pagsusuri at Pagbibigay ng Reaksyon<br><br>*Brainstorming* | Pagsulat ng Burador ng Talumpati<br><br>Pagsulat ng Pinal na Talumpati |
| e.Pagsasalita<br>e.1 Kahulugan<br>e.2 Uri ng Pagsasalita<br>e.3 Mga Tip sa Mabisang Pagsasalita<br>e.4 Bahagi ng Nilalaman ng Sasabihin | Nabibigkas ang talumpati sa mabisa at malikhaing kaparaanan. | Talakayang Pangklase<br><br>Panonood at Pagsusuri ng mga Halimbawa ng Pagtatalumpati | Pagtatalumpati<br><br>* May tiyak na rubrik na gagamitin sa pagtataya ng bawat awtput |
| **IKATLONG KOMPREHENSIBONG PAGTATAYA**<br>**Pagtatalumpati** | | | |

**PINAL NA AWTPUT :**

Sa pagtatapos ng kurso, inaasahang ang mga mag-aaral ay maging mahusay at malikhain sa pagsulat ng talumpating may kaugnayan sa kursong kinabibilangan at maangkin ang kasanayan sa mabisang pagsasalita upang maging epektibong mananalumpati.

| KAALAMANG MATATAMO | INAASAHANG AWTPUT | PETSA NG PAGSASAKATUPARAN |
|---|---|---|
| KM 1 - 11 | Nakabibigkas ng talumpati sa mahusay at malikhaing paraan | Oktubre 2015 |

**RUBRIK SA PAGTATAYA:**

| Kategorya | Lubos na nakamit ang inaasahan (4) | Nakamit ang inaasahan (3) | Bahagyang nakamit ang inaasahan (2) | Hindi nakamit ang inaasahan (1) |
|---|---|---|---|---|
| **Maka-Diyos**<br>Matapat | Buong husay na naipaliliwanag ang katotohanan hinggil sa usaping inilalahad kaya't nakapagbibigay ito ng sapat na kalinawan. | Naipaliliwanag ang usapin kung kaya't nailalahad ang ilang katotohanan kaugnay nito. | May kakulangan sa pagpapaliwanag kung kaya't hindi nagiging maayos at makatotohanan ang paglalahad ng usapin. | Hindi nababatay sa katotohanan ang usaping inilalahad. |
| Makatwiran | Lubos na naipakikita ang pagiging makatwiran ng mga inilalahad na kaisipan kaugnay ng isyu. | Naipakikita ang pagiging makatwiran ng mga inilalahad na kaisipan kaugnay ng isyu. | Hindi gaanong naipakikita ang pagiging makatwiran ng mga inilalahad na kaisipan kaugnay ng isyu. | Hindi naipakikita ang pagiging makatwiran ng mga inilalahad na kaisipan kaugnay ng isyu. |
| **Makatao**<br>Pagpapahalaga sa sarili at kapwa | Lubos na nagpapakita ng tiwala sa sarili bilang isang tagapagsalita at nasasalamin ang pagpapahalaga at | Kakikitaan ng tiwala sa sarili bilang isang tagapagsalita at nasasalamin ang pagpapahalaga at satispaksyon sa | Nagpapakita ng manaka-nakang tensyon at kaba bilang isang tagapagsalita at ilang pagpapahalaga at kaunting | Kinakabahan at tensyonado bilang isang tagapagsalita at ilang pagpapahalaga at kaunting satispaksyon sa |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | satispaksyon sa pagbabahagi ng mga ideya, saloobin sa mga tagapakinig. | pagbabahagi ng mga ideya, saloobin sa mga tagapakinig. | satispaksyon sa pagbabahagi ng mga ideya, saloobin sa mga tagapakinig. | pagbabahagi ng mga ideya, saloobin sa mga tagapakinig. |
| Pagsasaalang-alang ng kaalaman sa paksa ng tagapakinig | Lubos na naiaangkop ang mga impormasyong nararapat sa pangangailangan ng awdyens, ng layunin, at ng sitwasyon. | Naiaangkop ang mga impormasyong nararapat sa pangangailangan ng awdyens, ng layunin, at ng sitwasyon. | May ilang impormasyong di nararapat sa pangangailangan ng awdyens, ng layunin,at ng sitwasyon. | Hindi naaangkop ang mga impormasyong ibinabahagi sa pangangailangan ng awdyens, ng layunin, at ng sitwasyon. |
| Makatwiran at makabuluhang paggamit ng kilos at kumpas | Napakahusay sa paggamit ng mga kilos at kumpas sa pagbigkas at pagbubuo ng kahulugan ng mga mensahe. | Gumagamit ng kilos at kumpas sa pagbigkas at pagbubuo ng mga kahulugan ng mga mensahe. | Bahagyang gumagamit ng kilos at kumpas sa pagbigkas at pagbubuo ng mga kahulugan ng mga mensahe. | Hindi gumagamit ng kilos at kumpas sa pagbubuo ng mga kahulugan ng mga mensahe. |
| **Makabayang Propesyunal Pangkalusugan**<br><br>Kamalayang pansarili at panlipunan | Lubos na naiuugnay ang karanasan sa mga sitwasyong may kinalaman sa kalusugan at pagiging makabayan. | Naiuugnay ang karanasan sa mga sitwasyong may kinalaman sa kalusugan at pagiging makabayan. | May ilang karanasang naiuugnay sa sitwasyong may kinalaman sa kalusugan at pagiging makabayan. | Hindi naiuugnay sa sitwasyong may kinalaman sa kalusugan at pagiging makabayan. |
| Pagpapahalaga sa wika | Lubos na naipakikita ang pagpapahalaga sa wika dahil sa mahusay na pagpili at paggamit ng mga salita. | Naipakikita ang pagpapahalaga sa wika dahil sa mahusay na pagpili at paggamit ng mga salita. | Nagpapakita ng kaunting pagpapahalaga sa wika dahil sa bahagyang kahusayan sa pagpili at paggamit ng mga salita. | May mga salitang ginagamit na hindi kakikitaan ng pagpapahalaga sa wika. |

**PAGTATAYA AT IBA PANG KAHINGIAN :**

Maliban sa pinal na awtput , ang mga mag-aaral ay tatayain sa pamamagitan ng ;

1. Talakayang Pangklase
2. Gawaing Pangklasrum
3. Reaksyon at Pagsusuri
4. Pananaliksik

5. Kolaboratibo/Pangkatang Presentasyon
6. Pagsulat at Pagbabahagi ng Iba't Ibang Sulatin
7. Pagsulat ng Talumpati
8. Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika
9. Isang Araw ng Pananaliksik/Alternatibong Klase sa Bawat Term

**ANTAS NG PAGTATAYA :**

Ang mga mag-aaral ay tatayain sa pamamagitan ng sumusunod:

| **Kraytirya** | **Prelim** | **Midterm** | **Pinal** |
|---|---|---|---|
| Mga Itinakdang Gawain | 20% | 20% | 20% |
| Maikli at Mahabang Pagsusulit | 25% | 25% | |
| Asal at Partisipasyon | 25% | 25% | 20% |
| Eksam | 30%<br>Pagbuo ng Glosaryo at/o AVP ng Antas/Rehistro ng Wika | 30%<br>Indibidwal/Pangkatang Pakikipanayam | Pagtatalumpati<br>Pasulat - 20%<br>Pasalita – 40% |

**SANGGUNIAN :**


Arrogante, J.et.al.,(2007). S*ining ng komunikasyon sa akademikong Filipino*. Manila:National Bookstore.

Badayos, P. et.al.,(2010). *Komunikasyon sa akademikong Filipino*. Malabon City:Mutya Publishing House, Inc.

Francisco, C.G. (2007). *Komunikasyon sa akademikong Filipino.* Valenzuela:Mutya Publishing.

Lachica,V. et.al.,(2008). *Komunikasyon sa akademikong Filipino*. Quezon City:GMK Publishing House.

Mendoza, E. (2009). *Pabigkas at pasulat na pakikipagtalastasan.* Mandaluyong City:National Bookstore.

Mercene, F. et.al.,(2009). *Sining ng pakikipagtalastasan*. Mandaluyong City:National Book Store.

**PATAKARANG PANGKLASE:**

A. Kung may mga hindi maipapasang kahingian ang mga estudyante, inaasahang:
   1. Bibigyan ng iskor na zero (0) na may katumbas na gradong *zero percent* (0%) sa kahingiang hindi naisumite sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

      a. Binigyan sila ng pagkakataon na mag-*make-up* ang nasabing kahingian
      b. Binigyan sila ng sapat na panahon para gawin ang *make-up requirement*

   2. Bibigyan ng iskor na zero (0) na may katumbas na gradong *zero percent* (0%) sa pagsusulit na ibinigay sa panahong liban sila sa klase sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:
      a. Hindi *excused* ang kanilang pagliban.
      b. Binigyan sila ng pagkakataong i-*make- up* ang pagsusulit ngunit hindi sila nakarating sa itinakdang oras.
      c. Binigyan sila ng sapat na panahon para paghandaan ang *make-up quiz.*

   3. Kung sakaling maipasa ng mga estudyante sa itinakdang gawain para i-*make-up* ang nawalang grado, magkakaroon ng ilang porsiyentong kabawasan sa orihinal na gradong kanilang nakuha. Itatakda ng guro ang nasabing kabawasan.

B. Ang mga estudyante na nahuli sa klase nang higit pa sa pinahihintulutang panahon ay papayagang pumasok sa klase ngunit mamarkahan ng absent. Ang patakaran hinggil sa *attendance* na matatagpuan sa manwal para sa mga estudyante ay ipatutupad.

C. Kailangang basahin ng mga estudyante ang paksang aralin bago ang oras ng klase sa bawat asignatura. Inaasahang handa sa talakayan ang mga estudyante sa kanilang pagpasok sa klase.

D. Inaasahang aktibong makikibahagi sa anumang pangkatang pagsasanay at gawaing pangklase ang mga estudyante.

E. Ang pandaraya , pagkahuli sa klase at iba pang paglabag sa patakaran ay bibigyang pansin batay sa mga probisyong itinatakda sa manwal para sa mga estudyante.

F. Ang cellphone ay dapat ilagay sa *silent mode* sa oras ng klase.

*Lahat ng mga patakaran (atendans, pagkahuli sa klase, kagandahang-asal, atbp.) ay alinsunod sa probisyon ng makabagong bersyon sa Manwal ng Estudyante.*

**SINANG-AYUNAN:**

**MAE ANN T. BOBADILLA, MAT**
*Klaster Koordineytor*

**IMUNGKAHING PAGTIBAYIN:**

**ILUMINADA A. RONIO, MSc**
*Tagapangulo ng Kagawaran*

**PINAGTIBAY:**

**MARGEL C. BONIFACIO, RCH, PhD**
*Dekano*